TINGINNAMIN



Making sense of a muddled policy

So what's the point of suspending the policy on direct hires if it's going to be reinstated before we know it?

We can't help thinking that the rethink by the POEA is just an administrative tool to create a semblance of consistency after Malacanang issued a directive listing down certain exemptions.

This has caught our labor officials off guard. After all, aren't they supposed to be the ones to advise Malacanang on these matters? How could they miss it?

Yet, the exemptions are so out of place in the world of domestic helpers and their wage-earning employers for any of these to benefit them.

They're mainly for employers from foreign government entities and those from Fortune 500 companies, meaning those who can afford to pay.

On the ground, the furor is understandable. Any employer of the type we know, will balk at the expense of hiring directly from the Philippines.

Separately, the repatriation bond and performance bond are already a disincentive. Together, they present an insurmountable barrier.

While employers in Hong Kong are said to continue hiring directly from the Philippines despite the policy, we doubt if their numbers will hold much longer.

We are already seeing an erosion of our ranks, and soon, there will be more Indonesians than Filipinos in Hong Kong, We don't need another reason to decimate ourselves.

SULATLETTERS

Hindi angkop ang plano ng gobyerno na mag-issue ng bonds para sa Hong Kong OFWs. Ito raw ay kasagutan sa pagtaas ng peso. Kung baga, isang uri ng insurance.

Kaya ko nasabing hindi angkop ito para sa atin ay sa dahilang hindi ito ang kailangan natin para maibsan ang sakit na dulot ng pabagsak na value ng ating remittances.

Maaaring sa ibang lugar kung saan mas malaki ang kinikita ng OFWs ay tatanggapin ang bonds na ito, pero dito sa Hong Kong, duda ako.

Dapat mag-isip ang ating pamahalaan kung ano ang nararapat na kasagutan sa dinaranas ng ating pamilya sa pagbaba ng halaga ng ating dollar remittances.

Hindi sapat na mayroon tayong mga programa na kung tutuusin

ay mangyayayri pa sa malayong hinaharap.

Ang gusto natin marining ay kahit isang matinding inisyatibo lamang na magbibigay ng lunas sa pagtaas ng peso. Tulad halimbawa ng pag-aalis sa mga fees o bayarin ng OFWs.

Rose Oblador
Wanchai

Matagal-tagal na panahon na hindi natin naririnig ang pag-iisa ng iba't ibang grupo ng musikerong Pilipino sa Hong Kong. Hindi na rin nasundan ang kanilang mga konseryerto, maliban na lang kung ito'y itinataguyod ng konsulado.

Kaya naman nagalak ako nang malaman ko na may bagong pamunuan ang musicians union na hangad ibalik ang matagumpay na mga araw nito.

More power.

Jessie Mendiola
Lam Tin

Bago akong dating sa Hong Kong at may nakapagsabi sa akin na pwedeng magamit ang Philippine driver's lisense para makapagmaneho ng legal dito.

May alinlangan ako rito, pero nais ko pa rin sana makakuha ng impormasyon.

Mente Balagbis
Mong Kok

Peste ito o hindi, may pakinabang ang daga

ITAASMO
kabayan

Teo Antonio

Sa buwan ng Pebrero ang pagsapit ng Bagong Taon ng mga Tsino at ang pagbati ng Kung Hei Fat Choi ay karaniwan. Kasabay din ang paalala ng happiness, luck and prosperity para sa Taon ng Daga, batay sa kalendaryong Tsino.

Maraming naniniwala sa hula at senyas ng mga planeta.Pero tandaang ang sariling pagsisikap at pagtitiyaga ang susi ng pag-unlad.

Totoong may sinusuwerte at may minamalas. May kayod nang kayod na bahagya lang nakausad. Mayroon naman minsan lang kumayod ay nakayod na lahat ng suwerte.

Ganyan talaga ang buhay, sabi ng iba.

Ayon sa hula ng kaibigan, ang mga ipinanganak sa Taon ng Aso at Taon ng Matsing ang kasabay na masuwerte sa Taon ng Daga.

Tunay na maraming pamahiin at hula ayon sa kalendaryo ng mga Tsino tulad din ng kalendaryo ng mga hugis ng planeta sa kalendaryo ni Honorio Lopez na nabibili sa Quiapo.

Sa Taon ng Daga, kung bakit bida si Daging, gayong ang daga ay peste sa bahay.

Maraming pain at bitag na inihahanda upang mahuli silang lahat malaki man o maliit. Gayundin sa bukid na taniman ng

Pero ang positibong kabuluhan ng daga ay nagagamit sila ng mga siyentista sa pag-eeksperimento upang mapaunlad ang siyensiya

palay ay sadyang peste ang mga dagang-bukid kapag sumalakay sa palayan.

Kahit sabihing masarap ang karne ng dagang-bukid basta't di mo alam na karne ng daga, mapagkakamalang karne ng manok ang iyong kinakain.

Pero ang positibong kabuluhan ng daga ay nagagamit sila ng mga siyentista sa pag-eeksperimento upang mapaunlad ang siyensiya.

Masasabing ang di magandang bahagi sa buhay ng daga ay kung sila ay peste sa ating buhay.

Ang magandang bahagi naman ay ang kanilang kabuluhan sa pagtuklas ng bagong kaaalaman sa larangan ng siyensiya.

Kaya't isang positibong halimbawa na ang hukbo ng dagang nagagamit sa pagtuklas ng kaunlaran ng siyensiya ay itulad ang mga mga OFW na hukbo ng dagang naghahanap ng maunlad na lungga upang mamahagi ng magandang kinabukasan.

Hindi maikakaila na ang bilyun-bilyong dolyar na remittances ng mga overseas workers natin ang nag-angat sa ekonomiya ng bansa.

Kung hindi sa kanilang pakikipagsapalaran na magtrabaho sa ibang bansa sa kabila ng panganib at pangamba ay tunay malulugmok sa hirap ang bansa,

Sa maraming nagtrabahong sinagupa ang maraming digmaan gaya ng Lebanon, Afghanistan, Iran, Iraq noon at ngayon.

Gayundin ang pagkidnap sa Nigeria ng mga inhinyerong Pilipino, ang pagkalunod ng mga kababayang seaman sa lumubog ng barko saan mang panig ng mundo.

Higit sa lahat ang pagyurak sa kanilang dangal ng mga buhong na amo ay mga mararahas at malalagim na karanasang sumugat sa ating pambansang kamalayan.

Pero patuloy pa rin silang nangangarap, nagbabakasakali upang hanapin ang kaunlarang ipinagkait sa kanila sa bayang tinubuan.

Kaya't sa nakikini-kinitang pagsulong ng ekonomiya batay sa mga ulat sa pahayagan ay parang umasenso na ang bansa gayong hindi ito nararamdaman ng maraming Pilipinong datna't panawan ng krisis.

Sa Taon ng Daga, kung anumang ang hugis ng kapalaran ng sambayanang Pilipino at ang masaganang bukas ng mga nagtratrabaho sa ibang bansa ay hindi ito nakukuha o nababasa sa mga planeta ng panghuhula.

Nakasandig ito sa mga tunay na matapat na lider at mamamayang kasangkot sa pagbabago tungo sa pag-unlad.

Pero patuloy pa ring umiikot sa ating bansa ang lumang gulong ng masamang sistema ng pulitika.

Ang pagkakampi-kampi, kanya-kanya, hindi ang lakas ng makabansang adhikang magkaisa sa ikabubuti ng Pilipinas.

Kaya't magpapatuloy ang paglikas ng mga kababayang magtratrabaho sa ibang bansa upang doon humanap ng masagana at maunlad na buhay. Kalimutan ang mga lider at pinunong inuuna ang sariling kapakanan sa pagpapayaman at hindi ang pagpapakasakit upang sumulong ang sariling bansa.

PUBLISHER Reggie Amigo EXECUTIVE EDITOR Rex Aguado PUBLISHING CONSULTANT Philip Evardone ADVISERS Therese Necio-Ortega, Prof Dr Maurice Teo
CORRESPONDENTS Eddie Alinea (Manila), Celeste Terrenal (Manila), Terrie Fucanan (Manila), Chito Manuel (Jeddah). Rick Sumallo (New Jersey), Loi Liwanag (Los Angeles)
ACCOUNT EXECUTIVES Bernie Domantay, AccessPoint (Philippines) Josephine Miranda (Philippines), TJ Badon-Doble (Philippines), Bob Waterfield (Hong Kong)
EDITORIAL BOARD Reggie Amigo, Rex Aguado, Philip Evardone, Prof Dr Maurice Teo CONTRIBUTING EDITORS Beting Laygo Dolor, Teo Antonio, Chito Manuel, Danny Vibas, Dante Vino

Filipino Globe is published once a month by Apex Services (HK) Ltd, Suite 1905, Lippo Centre Tower 2, Queensway, Admiralty, Hong Kong, telephone (852) 2918 8248, email info@filglobe.com. No part of this publication may be reproduced without the written permission of the publishers. Printed by Premier Printing Group, Yuen Long, New Terrories, Hong Kong